PINAG-ISANG ABISO TUNGKOL SA MGA KASANAYAN SA PRIVACY

Inilalarawan sa Pinag-isang Abiso ng mga Kasanayan sa Privacy na ito kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa iyo pati na rin kung paano kayo makakukuha ng access sa impormasyong ito. Pakisuri ito nang mabuti.

Partikular na inilalarawan sa abisong ito:

- Kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo
- Ang mga karapatan mo kaugnay ng inyong impormasyong pangkalusugan
- Paano maghain ng reklamo tungkol sa privacy o seguridad ng inyong impormasyong pangkalusugan, o sa mga karapatan mo hinggil sa iyong impormasyon

Mayroon ka ng karapatang kumuha ng papel o elektronikong kopya ng abisong ito. Para humingi ng kopya, o kung ikaw ay may anumang tanong, makipag-ugnayan sa Privacy Office sa PrivacyOfficer@tmphysicians.com o al 310-517-1165, ext. 71165.

ANG MGA KARAPATAN MO

Kaugnay ng inyong impormasyong pangkalusugan mo, mayroon ka ng ilang partikular na karapatan.

Ipinaliliwanag sa seksiyong ito ang mga karapatan mo at ilan sa aming mga responsibilidad.

Kumuha ng elektroniko o papel na kopya ng inyong medikal na rekord

- Puwede mong hilinging makakita o makakuha ng elektroniko o papel na kopya ng medikal na rekord mo at iba pang impormasyong pangkalusugan na mayroon kami tungkol sa iyo.
- Magbibigay kami ng kopya o buod ng inyong impormasyong pangkalusugan, na karaniwang sa loob ng 30 araw pagkatapos mong hilingin. Maaari kaming maningil ng makatwirang bayad na nakabatay sa gastos.

Hilingin sa amin na itama ang inyong medikal na rekord

- Puwede mong hilingin sa amin na itama ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo na sa tingin mo ay mali o hindi kumpleto.
- Maaari naming tanggihan ang hiling mo, pero sasabihin namin sa iyo kung bakit sa isang sulat sa loob ng 60 araw.
- Kahit na tanggihan namin ang hiling mo, mayroon ka ng karapatang magsumite ng nakasulat na pahayag (na hindi hihigit sa 250 salita) tungkol sa anumang bagay sa inyong medikal na rekord na sa tingin mo ay hindi kumpleto o mali. Ilalagay namin ang pahayag mo sa iyong medikal na rekord.

Humiling ng mga kumpidensiyal na komunikasyon

- Puwede mong hilingin na makipag-ugnayan kami sa iyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, sa pamamagitan ng telepono o email) o magpadala ng sulat sa ibang address.
- Sasang-ayon kami sa lahat ng makatwirang hiling para sa komunikasyon.

Hilingin sa amin na limitahan ang aming ginagamit o ibinabahagi

- Puwede mong hilingin sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang ilang partikular na impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad o sa aming mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng mga aktibidad na administratibo, pinansiyal, legal at para sa pagpapabuti ng kalidad. Hindi kami obligadong sumang-ayon sa hiling mo, at maaari namin itong tanggihan kung makaaapekto ito sa pangangalaga mo.

- Kung magbabayad ka para sa isang serbisyo o item para sa pangangalagang pangkalusugan nang buo mula sa iyong sariling bulsa, puwede mong hilingin sa amin na huwag ibahagi ang impormasyong iyon para sa pagbabayad o ang aming mga operasyon sa inyong taga-insure ng kalusugan. Sasang-ayon kami, maliban na lang kung may batas na nag-oobliga sa amin na ibahagi ang impormasyong iyon.

Kumuha ng listahan ng mga taong pinagbahagian namin ng impormasyon

- Puwede ka ng humingi ng listahan (isang talaan) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang impormasyong pangkalusugan mo sa loob ng anim (6) na taon bago ang petsa ng inyong paghingi nito, kung kanino namin ito ibinahagi at bakit. Ang mga rekord ng sakit kaugnay ng paggamit ng droga ay maaaring limitado sa tatlong (3) taon.
- Isasama namin ang lahat ng pagsisiwalat maliban sa mga tungkol sa paggamot, pagbabayad at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, at ilang ibang partikular na pagsisiwalat (gaya ng anumang hiniling mo sa amin). Magbibigay kami ng isang talaan ng bilang kada taon nang libre pero maniningil kami ng makatwirang bayad na nakabatay sa gastos kung hihingi ka ng isa pa sa loob ng 12 buwan.

Kumuha ng kopya ng abiso sa privacy na ito

Puwede kayo humingi ng papel o elektronikong kopya ng abisong ito anumang oras. Agad kaming magbibigay sa inyo ng kopya.

Pumili ng isang taong kikilos para sa inyo

- Kung binigyan mo ang isang tao ng kapangyarihan sa medikal (medical power of attorney), o kung kinatawan mo ang isang tao, ang taong iyon ay puwedeng gumamit sa mga karapatan mo at gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyong impormasyong pangkalusugan.
- Sisiguruhin namin na mayroon ng ganitong awtoridad ang taong iyon at puwede siyang kumilos para sa iyo bago kami gumawa ng anumang aksiyon.

Maghain ng reklamo

- Kung sa tingin mo ay nilabag namin ang inyong mga karapatan, makipag-ugnayan sa:
  Torrance Memorial Physician Network Privacy Office
  23326 Hawthorne Boulevard, Suite 200
  Torrance, CA 90505
  Telepono: 310-517-1165 ext. 71165
  Email PrivacyOfficer@tmphysicians.com
- Puwede ka ring maghain ng reklamo sa pederal na pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa:
  U.S. Department of Health & Human Services
  200 Independence Avenue, S.W.
  Washington, D.C. 20201
  Telepono: 1-877-696-6775
  Web: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/
- **Hindi ka namin gagantihan dahil sa paghahain mo ng reklamo.**

ANG MGA PAGPIPILIAN MO

Para sa ilang partikular na impormasyong pangkalusugan, puwede mong ipaalam sa amin ang mga desisyon mo tungkol sa ibinabahagi namin.

Kung mayroon ka ng malinaw na kagustuhan sa kung paano namin ibabahagi ang impormasyon mo sa mga sitwasyong inilarawan sa ibaba, makipag-usap sa amin. Ipaalam sa amin kung ano ang gusto mong gawin namin, at susundin namin ang mga tagubilin mo.

Sa mga sitwasyong ito, mayroon ka ng karapatan at pagpipilian para sabihin sa amin na:

- Ibahagi ang impormasyon sa pamilya mo, malalapit na kaibigan, o sa iba pang may kinalaman sa pangangalaga mo.
- Magbahagi ng impormasyon para sa pagkuha ng tulong sa panahon ng sakuna.
- Isama ang impormasyon mo (halimbawa, pangalan, lokasyon, inaanibang relihiyon) sa direktoryo ng aming ospital. Mayroon kayong karapatang mag-opt out sa direktoryo ng ospital kung gugustuhin mo.

Kung hindi mo masasabi sa amin ang kagustuhan mo—halimbawa, kung wala kayong malay—maaari naming ibahagi ang impormasyon mo kung naniniwala kami na para ito sa inyong ikabubuti. Maaari din naming ibahagi ang impormasyon mo kung kailangan para mabawasan ang malubha at napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan.

Sa mga sumusunod na sitwasyon, hindi namin kailanman ibababahagi ang inyong impormasyon, maliban kung bibigyan mo kami ng nakasulat na pahintulot:

- Para sa marketing
- Para sa pagbebenta ng impormasyon mo
- Para sa pagbabahagi ng mga tala sa psychotherapy

Para sa pangangalap ng pondo:

- Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo para sa mga pagsisikap na mangalap ng pondo, pero puwede mo kaming sabihang huwag nang makipag-ugnayan ulit sa inyo.
- Maaari ka ng mag-opt out sa pagtanggap ng mga komunikasyong ito anumang oras sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa 310-517-4703.

ANG AMING PAGGAMIT AT PAGSISIWALAT

Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan?

Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga sumusunod na paraan:

Pagbibigay ng medikal na paggamot

Puwede naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan at ibahagi ito sa iba pang mga propesyonal na gumagamot sa iyo. Halimbawa, ang isang doktor na gumagamot sa iyo para sa isang pinsala ay nagtanong sa isa pang doktor tungkol sa iyong pangkalahatang kondisyon sa kalusugan.

Pagpapatakbo ng aming organisasyon

Puwede naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan para maisagawa namin ang aming trabaho, mapabuti ang pangangalaga sa iyo at makipag-ugnayan sa iyo, kung kailangan. Halimbawa, ginagamit namin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para mapamahalaan ang iyong paggamot at mga serbisyo.

Pagsingil para sa aming mga serbisyo

Puwede naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan para maningil at makatanggap ng bayad mula sa mga planong pangkalusugan o iba pang mga entidad. Halimbawa, nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa iyo sa iyong health insurance plan, para makapagbayad ito para sa iyong mga serbisyo.

Palitan ng Impormasyong Pangkalusugan

Maaaring isama ang iyong impormasyong pangkalusugan sa isang Palitan ng Impormasyong Pangkalusugan (Health Information Exchange, HIE). Ang HIE ay isang paraan para ibahagi ang iyong medikal na impormasyon nang elektroniko sa mga tagapagbigay ng iyong pangangalagang pangkalusugan sa labas ng Torrance Memorial Physician Network, kasama na ang mga taga-insure at iba pang mga entidad para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, at iba pang mga layuning pinahihintulutan ng batas.

Paano pa namin puwedeng gamitin o ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan?

Pinapayagan o kinakailangan naming ibahagi ang iyong impormasyon sa iba pang mga paraan—na karaniwang sa mga paraang nakapag-aambag sa kabutihan ng publiko, gaya ng kalusugan ng publiko at pananaliksik. Kailangan naming matugunan ang maraming kondisyon sa batas bago namin maibabahagi ang iyong impormasyon para sa mga layuning ito. Bumista sa www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html para sa iba pang impormasyon.

Pagtulong sa mga isyu sa kalusugan at kaligtasan ng publiko

Puwede naming ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa ilang partikular na sitwasyon gaya ng:

- Pag-iwas sa sakit
- Pagtulong sa pag-recall ng mga produkto
- Pag-uulat ng masasamang reaksiyon mula sa mga gamot
- Pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, kapabayaan o karahasan sa tahanan
- Pag-iwas o pagbawas sa malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman

Pagsasagawa ng pananaliksik sa kalusugan

Puwede naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyon para sa pananaliksik sa kalusugan. Maaari ding makipag-ugnayan sa iyo para sa isang imbitasyong lumahok sa pananaliksik sa kalusugan. Ang lahat ng pananaliksik ay sinusuri at inaaprobahan ng isang komite para matiyak na magkakaroon ng mga angkop na pananggalang na nagpoprotekta sa kaligtasan at privacy ng pasyente.

Pagsunod sa batas

Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa inyo kung ioobliga ito ng mga pang-estado o pederal na batas, kasama na ang sa Department of Health and Human Services kung gusto nitong makita na sumusunod kami sa pederal na batas sa privacy. Mayroong mga espesyal na batas na nagpoprotekta sa ilang uri ng impormasyong pangkalusugan gaya ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, paggamot sa mga sakit kaugnay ng paggamit ng droga, at pagpapasuri at pagpapagamot ng HIV/AIDS. Susundin namin ang mga batas na ito kapag mas mahigpit ang mga ito kaysa sa abisong ito.

Pagtugon sa mga hiling para sa donasyon ng organ at tissue

Puwede naming ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa mga organisasyong kumukuha ng organ.

Pakikipagtulungan sa isang medikal na tagasuri o direktor ng punerarya

Puwede kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan sa isang mediko-legal, medikal na tagasuri o direktor ng punerarya kapag namatay ang isang indibidwal.

Pagtugon sa kompensasyon ng mga manggagawa, pagpapatupad ng batas at iba pang mga kahilingan ng gobyerno

Puwede naming gamitin o ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo:

- Para sa mga paghahabol sa kompensasyon ng mga manggagawa
- Para sa pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal na tagapagpatupad ng batas
- Sa mga ahensiyang tagapagbantay ng kalusugan para sa mga aktibidad na pinahihintulutan ng batas
- Para sa mga espesyal na tungkulin ng gobyerno, gaya ng militar, pambansang seguridad at mga serbisyong pamproteksiyon ng pangulo

Pagtugon sa mga kaso at legal na aksiyon

- Puwede naming ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa isang utos ng korte o administratibo, o bilang tugon sa isang subpoena.

MGA REKORD NG SAKIT KAUGNAY NG PAGGAMIT NG DROGA

Ang mga rekord na may kinalaman sa pagpapagamot para sa sakit kaugnay ng paggamit ng droga (Substance Use Disorder, SUD) ay mayroong mga karagdagang proteksiyon sa privacy sa ilalim ng pederal at pang-estadong batas. Inilalarawan sa seksiyong ito ang mga karagdagang karapatan at impormasyon na may kinalaman sa anumang ganitong rekord ng SUD.

- Maliban sa inilalarawan sa seksiyong ito, hindi namin ibabahagi ang iyong rekord ng SUD nang wala ng iyong nakasulat na pahintulot. Pinapayagan kaming ibahagi ang iyong rekord ng SUD para sa mga limitadong layunin, gaya ng mga medikal na emergency, mga hiling para sa kalusugan ng publiko, siyentipikong pananaliksik, pag-audit ng mga tagapamahala o para sa pananalapi at mga ebalwasyon ng (mga) programa para sa pagpapagamot ng SUD.
- Puwede kang magbigay ng isang pahintulot para sa lahat ng paggamit o pagbabahagi sa hinaharap ng iyong mga talaan ng SUD para sa pagpapagamot, pagbabayad, at mga layunin ng operasyon ng pangangalagang pangkalusugan. Ibig sabihin, kapag nagbigay ka ng pahintulot, maaaring ibahagi ng programa ng SUD ang mga rekord mo nang hindi ka na kailangang tanungin ulit, alinsunod sa mga angkop na pang-estado at pederal na panuntunan. Puwedeng bawiin ang pahintulot mo anumang oras.
- Ang anupamang ibang paggamit o pagsisiwalat ng iyong mga rekord ng SUD na nangangailangan ng pahintulot mo ay ilalarawan sa panahong hihilingin ang nasabing pahintulot.
- Puwede kang humingi ng listahan ng mga pagkakataong ibinahagi sa iba ng isang kompanyang nagtatrabaho para sa amin (tagapamagitan) ang iyong mga rekord ng SUD, sa nakalipas na tatlong (3) taon.
- Ang mga rekord o testimonya na naglalahad sa nilalaman ng mga rekord ng SUD ay hindi gagamitin o isisiwalat sa anumang sibil, administratibo, kriminal o lehislatibong paglilitis laban sa iyo maliban kung batay ito sa isang partikular na nakasulat na pahintulot o utos ng korte. Ang mga rekord ay gagamitin at isisiwalat lang batay sa isang utos ng korte pagkatapos kayong mabigyan ng abiso at pagkakataong mapakinggan, kung saan kinakailangan ng mga panuntunan sa pagiging kumpidensiyal, at ang utos ng korte na nagpapahintulot sa paggamit o pagsisiwalat ay may kasama dapat na subpoena o iba pang katulad na legal na mandatong nag-aatas sa pagsisiwalat bago gamitin o isiwalat ang rekord.

ANG AMING MGA RESPONSIBILIDAD

Kaugnay ng inyong impormasyong pangkalusugan, mayroon kaming ilang partikular na karapatan.

Ang ilan sa mga obligasyong iyon ay ang sumusunod:

- Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang privacy at seguridad ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan.
- Ipaaalam namin kaagad sa iyo kung may naganap na paglabag na maaaring mag-kompromiso sa privacy o seguridad ng iyong impormasyon.
- Dapat naming sundin ang mga tungkulin at kasanayan sa privacy na inilalarawan sa abisong ito at bigyan ka ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon sa ibang paraan bukod sa inilalarawan dito, maliban kung sasabihin mo sa amin sa isang sulat na puwede naming gawin iyon. Kung sasabihin mo sa amin na puwede naming gawin iyon, puwede ka ng magbago ng isip anumang oras. Ipaalam sa amin sa isang sulat kung magbabago ang isip mo.

MGA PAGBABAGO SA MGA TUNTUNIN NG PINAG-ISANG ABISONG ITO

Puwede naming baguhin ang mga tuntunin ng abisong ito, at ipapataw ang mga pagbabago sa lahat ng impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo.

Makikita online ang bagong abiso sa torrancememorial.org at, kapag hiniling, sa aming mga pasilidad at tanggapan.

Kung mayroon ka ng anumang tanong tungkol sa abisong ito, nais mong humingi ng kopya ng kasalukuyang abiso o kung gusto mong maghain ng reklamo sa privacy, makipag-ugnayan sa Privacy Office sa:

Torrance Memorial Physician Network Privacy Office
23326 Hawthorne Boulevard, Suite 200
Torrance, CA 90505
Telepono: 310-517-1165 ext. 71165
Email: PrivacyOfficer@tmphysicians.com

SINO ANG SAKLAW NG PINAG-ISANG ABISONG ITO

Inilalarawan sa pinag-isang abisong ito ang mga kasanayan sa privacy ng Cedars-Sinai at ng mga kaakibat nitong organisasyon.

Kabilang na rito ang:

Mga organisasyong bumubuo sa Cedars-Sinai Affiliated Covered Entity ("ACE"). Ang Cedars-Sinai ACE ay binubuo ng mga saklaw na entidad sa ilalim ng karaniwang pagmamay-ari o kontrol ng Cedars-Sinai Health System, kabilang na ang:

- Cedars-Sinai Medical Center
- Cedars-Sinai Medical Care Foundation
- Cedars-Sinai Marina Hospital
- Torrance Memorial Medical Center
- Torrance Health Association, Inc., d/b/a Torrance Memorial Physician Network
- Pasadena Hospital Association, Ltd., d/b/a Huntington Hospital
- The Huntington Medical Foundation d/b/a Huntington Health Physicians

Ang mga organisasyon at mga propesyonal sa kalusugan na kalahok sa isang **organisadong kaayusan sa pangangalagang pangkalusugan (Organized Healthcare Arrangement, OHCA)**, kasama na ang mga entidad ng Cedars-Sinai ACE. Ang isang OHCA ay isang arrangement na nagpapahintulot sa mga entidad ng Cedars-Sinai na magbahagi ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa aming mga pasyente para maisulong ang pinag-isang operasyon ng mga kalahok na entidad. Ang mga entidad ng OHCA ay nagbabahagi ng impormasyong pangkalusugan sa isa't isa para sa paggamot, pagbabayad, at operasyon sa pangangalagang pangkalusugan ng OHCA. Kabilang sa mga kalahok ng OHCA ang:

- Mga entidad ng Cedars-Sinai ACE
- Mga medikal na kawani ng Cedars-Sinai Medical Center, Cedars-Sinai Marina Hospital, Torrance Memorial Medical Center at Huntington Hospital
- Mga kaugnay na medikal na grupo, propesyonal na korporasyon, independiyenteng manggagamot at kaalyadong propesyonal sa kalusugan na nakikipagkontrata sa mga entidad ng Cedars-Sinai ACE para magbigay ng mga serbisyo sa mga pasilidad ng Cedars-Sinai, maliban na lang kung bibigyan ka ng mga nasabing tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng kanilang sariling abiso tungkol sa mga kasanayan sa privacy na naglalarawan kung paano nila poprotektahan ang iyong medikal na impormasyon.

Makakikita sa cedars-sinai.org ng karagdagang impormasyon hinggil sa mga entidad na nakasaad sa abisong ito, kabilang na ang mga organisasyon ng ACE at OHCA pati na rin ang mga angkop na lugar ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang aming abiso ay unang nagkabisa noong Setyembre 23, 2013, at pinakahuling nirebisa noong Disyembre 31, 2025.